3 Pampublikong pabahay

Ito ay pabahay na inaalay ng mga perepaktura, munisipalidad o mga rehiyonal na grupo at publikong kumpanya. Sa mga sumusunod na bahagi ay ipapaliwanag ang mga uri ng pampublikong pabahay, mga maaaring lumipat at tumira dito, ang pagpapahayag na maaari nang umupa at paraan ng pag-upa.

3-1 Uri ng mga pampublikong pabahay

Sa loob ng mga pampublikong pabahay ay may mga iba na inaalay ng mga rehiyonal na grupo at mayroon ding iba na inaalay ng mga publikong kumpanya. Ang mga pabahay ng perepaktura, pabahay ng lungsod, pabahay ng mga munisipalidad at iba pa ay kasama sa mga pabahay na inaalay ng mga rehiyonal na grupo. Ang mga urban housing naman ay kasama sa mga pabahay na inaalay ng UR Toshi Kikou（Urban Renaissance Agency）.

3-2 Ang maaaring lumipat at tumira sa pampublikong pabahay

Hindi kahit sino ay maaaring lumipat at tumira sa pampublikong pabahay dahil mahigpit itong pinipili ayon sa pagiging rehistradong dayuhan, halaga ng kinikita at iba pa. Para sa mga iba pang detalye, sumangguni sa mga namamahala ng mga pampublikong pabahay.

3-3 Ang pagpahayag ng pagtanggap ng aplikasyon para sa pampublikong pabahay

Nagpapahayag na maaari nang umupa ang mga pampublikong pabahay na inaalay ng perepaktura apat na beses sa isang taon (Enero, Abril, Hulyo, Oktubre) sa pamamagitan ng mga patalastas na ipinapamigay sa mga munisipyo.

Ang mga pabahay ng mga munisipalidad at lungsod din ay naglalabas ng mga patalastas na maaaring makita sa mga munisipyo at estasyon ng tren. Maaari ring makakuha nito mula sa mga chounaikai at jichikai.

Ang mga pagpapahayag ng urban housing naman ay maaaring makita sa kanilang mga website.

3-4 Paraan ng pag-aplay

Pagkatapos kumpirmahin ang mga kuwalipikasyon, kumpletuhin ang mga kinakailangang dokumento at mag-aplay sa takdang namamahala sa nais na upahang pabahay.

Dahil maraming taong nagnanais makaupa sa pampublikong pabahay, pipiliin ang mga nag-aplay sa pamamagitan ng bunutan.

Ang halaga ng upa ay batay sa kinikita at kailangan ding bayaran ang communal fee at iba pa maliban sa upa.

M Tirahan at Paglipat-bahay

Bumalik sa TOP ng M Tirahan at Paglipat-bahay

Mga kailangang dokumento	Saan mag-aaplay	Kailan	Paalala
1 Application form 2 Alien registration card 3 Dokumentong nagpapatunay ng kinikita 4 Iba pang mga kailangan	Sa tagapamahala ng nais na upahang pabahay	<Pabahay ng lungsod, munisipalidad, UR housing> peryodikal o kahit kailan <Pabahay ng perepaktura> apat na beses sa isang taon (Enero, Abril, Hulyo, Oktubre)	Magtanong ukol sa mga detalye sa mga namamahalang opisina o munisipyo.